American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN: 2378-703X
Volume-09, Issue-02, pp-160-172
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Pananaw ng mga Mag-aaral sa Epekto ng kanilang mga Alaga sa kanilang Pagkatuto

Aaron James M. Delos Reyes[1], Bernadette Mae J. Concepcion[2], Mary Sanedna A. Saavedra[3], Elijane S. Utoeglis-Saddalani[4]

*[1,2] (College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines) [3](College of Liberal Arts, Western Mindanao State University, Philippines) [4](Master of Arts in Education Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines)*

***ABSTRACT:*** *Effective learning methods play a crucial role in achieving student success. This involves selecting appropriate strategies to help them develop their skills for academic tasks. This quantitative study investigated the impact of pet ownership on the academic performance of 32 tenth-grade students in Zamboanga City. Using a comparative and descriptive correlational design with stratified and simple random sampling, a survey questionnaire determined students' overall perception of the effect of pet ownership on their learning. Results showed a neutral overall perception, indicating both positive and negative influences. No significant difference was found between genders regarding the impact of pet ownership on academic performance or positive perception of pet ownership. The researchers of this provided conclusions and recommendations for future studies.*

***Keywords:*** *Animal, Effect, Gender, Learning, Perceptions*

**ABSTRAK:** Ang epektibong paraan sa pagkatuto ng isang mag-aaral ay isang mahalagang papel upang maisakatuparan ang pagpapaganap nito. Ito ay kaakibat ng pagpili ng angkop na estratehiya bilang tulong sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa mga gawaing pangakademiko. Ang kuwantitatibong pag-aaral na ito ay nagsiyasat sa epekto ng pagkakaroon ng alagang hayop sa pang-akademikong pagganap ng 32 mag-aaral sa ika-sampung baitang sa Lungsod ng Zamboanga. Gamit ang isang *comparative* at *descriptive correlational design* na may *stratified* at *simple random sampling*, ang isang sarbey kwestyuner ay nakapagtukoy ng pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral sa epekto ng pagkakaroon ng alagang hayop sa kanilang pagkatuto. Ang mga resulta ay nagpakita ng isang *neutral* na pangkalahatang pananaw, na nagpapahiwatig ng parehong positibo at negatibong impluwensya. Walang makabuluhang pagkakaiba ang natagpuan sa pagitan ng mga kasarian tungkol sa epekto ng pagkakaroon ng alagang hayop sa pang-akademikong pagganap o positibong pananaw sa pagkakaroon ng alagang hayop. Ang mga mananaliksik sa mga pag-aaral na ito ay nagbigay ng mga konklusyon at mga rekomendasyon para sa susunod na mga pag-aaral.

***Mga Susing Salita:*** *Epekto, Hayop, Kasarian, Pagkatuto, Pananaw*

## I. PANIMULA

Sa paglipas ng panahon, patuloy na lumalawak ang pananaw at perspektibo sa konsepto ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay hindi lamang nakasalalay sa tradisyunal na pasalita at pasulat na edukasyon, ngunit mas isinasaalang-alang ang kahalagahan ng iba't-ibang aspeto ng pag-unlad tulad ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita at panonood sa praktikal na mga gawain. Ang pagkatuto ay hindi lamang limitado sa loob ng silid-aralan, ito ay maari rin isagawa sa iba't-ibang paraan. Kung kaya't, ang pag-unawa sa mga salik at karanasan na may kaugnayan sa pag-unlad ng kaalaman, kakayahan, at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ay mahalaga. Isa sa mga proseso ng pagsusuri sa kung gaano ka epektibo ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay ang pagsilip sa iba pang mga makabuluhang estratehiya o mga alternatibong pamamaraan.

Ang pagkakaroon ng alagang hayop ay isa sa mga diskarte sa pag-unlad ng kakayahan at kasayanan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Ito ay may maraming positibong epekto sa mga mag-aaral, kabilang ang

pag-unlad ng empatiya, pagbawas ng stress, pag-unlad nang positibong emosyon, mas malakas na pagkakaisa sa silid-aralan, pag-angat ng pro-social na pag-uugali, at pagpapaunlad nang mas mahusay na mga saloobin sa pag-aaral (Brelsford et al., 2017; Nancy et al., 2017).

Ayon kina Casciotti at Zucherman (2016), ilan sa mga epekto ng pagkakaroon ng mga alagang hayop ay ang pagkakaroon ng malusog na puso, pagbawas ng *stress* o *tiredness*, pagkaroon ng mga kaunting karamdaman, nagkakaroon ng pagkakataon na mag-ehersisyo, wala gaanong pagkadismaya, at kaunting pagbisita sa doktor taun-taon. Ang mga alagang hayop ay nakararamdam din ng kalungkutan mula sa kanilang mga amo, at sinisikap nilang aliwin ang kanilang mga amo sa pamamagitan ng kanilang pagyakap o *"cuddling"*. Maliban sa pagiging mabuting mga kasamahan, ang mga alagang hayop ay maaari rin maging mga *therapists*, *teachers*, at *relievers*. Sa katunayan, ayon sa **Humane Society of United States,** nasa animnapu't porsyento (60%) ng mga sambahayan sa Amerika ay kinabibilangan ng mga alagang hayop (Casciotti at Zuckerman, 2016). Nabanggit ni Svensson (2014) na ang pagkakaroon ng alaga ay nagbibigay ng mga positibong karanasan sa mga bata, at kabilang dito ay ang pagkakaroon nang maayos na pakikitungo sa sarili maging sa kapwa. Ang mga bata ay nakakapag-usap sa kanilang mga alagang hayop at kalauna'y nagkakaitindihan ang mga ito. Sa tuwing nagsasagawa ng aktibidad kasama ang kanilang alaga o sumusubok na turuan ang mga ito ng mga partikular na gawain, ang mga bata ay nakakukuha ng iba't-ibang tugon mula kanilang alagang hayop.

Ang mga mananaliksik na sina McConnell et al. (2017) ay naniniwala na may mahahalagang papel na ginagampanan ang mga hayop sa buhay ng tao, na lumilihis sa karaniwang pakikisama at umaabot sa mga tungkulin tulad ng mga kaibigan, katulong, *therapist*, at maging miyembro ng pamilya. Ayon kina Ein et al. (2018), maraming pag-aaral ang nag-ulat na ang pakikilahok sa *Pet Therapy* (PT) ay maaaring magdulot ng pagbawas sa parehong pisyolohikal at subhetikong antas ng stress, pati na rin sa mga antas ng pagkabalisa. Sa katunayan, nabanggit ng mga mananaliksik na sina Barker et al. (2016) na ang mga magaaral sa kolehiyo ay nakaranas ng pagbawas sa kanilang pinaghihinalaan ngunit hindi pisyolohikal na *stress* matapos nilang bumisita sa mga *therapy dog*s sa huling linggo ng kanilang pagsusulit.

Samakatuwid, ang pag-aalaga ng hayop ay hindi lamang nakatuon sa pagbibigay ng kalinga at pagmamahal sa mga alagang kasama sa tahanan, ngunit maaari rin magdulot ng iba'tibang epekto sa pagkatuto ng isang mag-aaral o tagapag-alaga. Dahil ayon kay Neves (2023), ang mga hayop ay naiimpluwensyahan ng iba't-ibang mga salik kabilang ang mga impluwensya ng kultura, mga nakaraang karanasan, mga paglalarawan sa *media*, at mga personal na katangian tulad ng mga kasarian. Sa isang *cross-sectional telephone survey* ng mga tagapagalaga ng hayop sa U.S., natuklasan nina Weiss et al. (2015) na 46% ng mga alagang hayop ang inilipat sa ibang tahanan hindi dahil sa problema ng pamilya o tirahan, kundi dahil sa problema mismo ng mga alagang hayop, habang nasa 76% naman ng mga indibidwal na problema tungkol sa alagang hayop ay nauugnay sa mga problema ng pag-uugali tulad ng *aggression* at *destruction*. Kaugnay nito, ayon sa ilang mananaliksik, ang pag-aalaga ng mga hayop ay nahaharap sa iba't-ibang kawalan ng katiyakan at panganib, kasama ang hindi limitado ngunit potensyal na pinsala na maaaring maranasan ng mga sanggol at maliliit na bata laban sa mga paraan ng pagtatanggol ng mga alagang hayop sa kanilang mga sarili, gayundin ang *gender-based discrepancies* tungkol sa saloobin ng mga lalake at babaeng mga mag-aaral sa mga alagang hayop Bosacki at Tardif-Williams (2019), at ang masamang epekto ng pagpapalaki ng mga pamilya sa mga alagang hayop na maaaring makuha ng isang bata sa kaniyang paglaki at pag-unlad (Li et al., 2023).

Sa pagkakaroon ng kaalaman sa mga epekto ng pag-aalaga ng hayop, mahalagang suriin nang malaliman at maglakbay sa epekto ng kasanayan ng mga tagapag-alaga. Bagaman may mga pag-aaral na nagsasaad ng mga epekto sa pagkakaroon ng alagang hayop, kakaunti pa lamang ang nakapaglathala tungkol sa epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa sekundarya, lalo na ang kanilang mga kasarian bilang mga tagapag-alaga na may kaugnayan sa epekto ng kanilang pangangalaga.

Sa pagsusuri sa mga pananaw ng mga mag-aaral sa sekundarya, maaaring makabuo nang mas malalim na pag-unawa sa kung paano nakaiimpluwensiya ang kasarian ng mga magaaral bilang mga tagapag-alaga ng hayop. Kaya naman, ang mga mananaliksik ay naganyak na gumawa ng pag-aaral upang malaman at matukoy kung ano nga ba ang kaugnay ng kasarian ng mga mag-aaral sa epekto ng pagkakaroon ng alagang hayop, at kung ano ang naidudulot nito sa kanilang pagkatuto.

## II. PAGLALAHAD NG LAYUNIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matugunan ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral na sekundarya sa epekto ng kanilang mga alagang hayop sa kanilang gawaing pang-akademiko?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang pananaw ng mga kalahok sa epekto ng kanilang mga alagang hayop sa kanilang gawaing pang-akademiko batay sa kanilang kasarian? Lalake at Babae

2 Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang kasarian ng mga mag-aral sa pagkakaroon ng positibong pananaw sa pag-alaga ng mga hayop? Lalake at Babae

## III. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

### 1. Ang Epekto ng Pagkakaroon ng Alaga sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral

Ayon kay Hussein (2021), ang mga alagang hayop, lalo na ang mga aso at pusa na kilalang mga aktibong alaga, ay nakapagpapagaan ng loob mula sa pagiging *depressed* at malungkot ng mga tagapag-alaga. Ang mga tagapag-alaga ay nanghihikayat din maging pisikal na aktibong kalahok sa mga kaganapan dahil sa pagkakaroon ng alagang hayop. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Trautner (2017) ang konseptong **"motivation"** sa ilang mga epekto ng pagkakaroon ng alagang hayop sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kanyang iminungkahi na dala ng pag-unlad ng mga bata sa kanilang mga *internal motivation* habang nagmamalasakit para sa mga hayop, sila ay nakararanas ng pagbawas na panganib mula sa mga *allergies*; nagkakaroon din sila ng mga maayos na pagganap sa kani-kanilang mga paaralan.

Ang mga mananaliksik na sina Shankar at Park (2016) ay naniniwala na ang mga magaaral sa kolehiyo ay labis na madaling naaapektuhan sa mga negatibong bagay tulad ng *stress* o *sadness*, na maaaring makaaapekto sa kanilang akademikong kaganapan at kasanayan. Ang *stress* ay nagdudulot ng pisikal, sikolohikal, at kognitibong epekto sa pagkatuto ng mga magaaral (Shankar at Park, 2016). Ang *stress* ay maaaring dahil sa pagtaas ng mga gawain, pagbabago sa kapaligiran, pagkain, at pagtulog; maging ang mga aktibidad sa lipunan at ang pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang tao (Wade, 2017). Kaya naman, ang pagkakaroon ng mga alagang hayop ay nakatutulong sa pagbibigay ng katatagan at suporta para sa mga mag-aaral habang sila ay nabubuhay, naghahanap ng mga gawain, nagiging *independent* o natutuhang suportahan ang kani-kanilang mga sarili (Happold, 2018).

Sa resulta ng kaugnay na pag-aaral nina Peel et al. (2023), na may pamagat na **"The Impact of Campus-Based Therapy Dogs on the Mood and Affecy of University Students"** iminungkahi na dapat magkaroon ng programang *therapy dog* sa mga mag-aaral, sapagkat ito ay nakatutulong sa mga mag-aaral sa pagpapabuti ng kanilang kalooban at nakababawas ng kanilang *stress* lalo sa mga gawaing pagtatasa sa kanilang unibersidad o paaralan. Ayon kina Gee et al. (2017), ang target ng mga **animal-assisted intervention**, sa ilang pagkakataon, ay nagtataguyod ng pakikipag-ugnayan mula sa mga hayop, kasama ang paggabay ng mga tao, at ang pag-apekto nito sa panlipunan ng mga bata, kaalaman, maging ang kanilang emosyonal na pag-unlad. Kung gagawin ito ng isang guro, ito ay ituturing na *animal-assisted education* at ang mga apektadong bata ay ang kaniyang mga mag-aaral.

### 2. Ang Epekto ng Pagkakaroon ng Alaga sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral sa Kanilang Pagkatuto sa Loob ng Silid-Aralan

Ayon sa mga mananaliksik na sina Adams et al. (2017), ang pagkakaroon ng oportunidad na makipag-ugnayan at magkaroon ng relasyon sa mga hayop ay nakatutulong upang mapawi at matugunan ang anumang isyung pang-sikolohikal. Ang pagdadala ng higit pang mga hayop sa loob ng mga paaralan sa kolehiyo ay maaaring maging sanhi ng pagtaas ng mga pagkakataon mga mag-aaral na matuto, lumahok, at magpatuloy sa mga tradisyonal na serbisyong pangpayo sa kolehiyo.

Sa kaugnay na pag-aaral, binanggit nina Kropp et. al (2017) na ang mga *therapy dogs* ay maaaring magbigay ng katatagan at kaginhawaan sa mga batang nabubuhay sa kahirapan o lumalaki sa mga pook na laganap ang abuso. Ang pag-aalaga sa isang hayop sa silid-aralan ay nagtuturo ng responsibilidad, nagpapalakas ng tiwala sa sarili, at nagbibigay sa mga bata ng pagpapahalaga sa karangalan at tagumpay (Kropp et al., 2017).

Naniniwala naman ang mga mananaliksik na sina McCullough et al. (2019) na ang pagkakaroon ng mga alagang hayop sa silid-aralan ay maaaring makapagbigay ng ilang positibong epekto para sa mga bata sa ikatlo at ikaapat na baitang, tulad ng pagpapabuti sa kanilang mga kasanayang at kakayahang sosyal, at maaari ring makabawas ng mga usaping problema na may kinalaman sa pag-uugali ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Iminumungkahi ng kanilang pag-aaral na maaaring pagyamanin ng mga hayop ang mga kapaligiran kung saan natuto ang mga mag-aaral sa makabuluhang paaran, na siyang maaaring maging sanhi ng pagkaroon nang malawak na implikasyon sa kanilang pag-unlad bilang mga tagapag-alaga, lalo na sa mga walang lakas na loob na makipag-ugnayan.

### 3. Ang Epekto ng Pagkakaroon ng Alaga sa Kalusugang Pangkaisipan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto

Sa pagsusuri ni Sullivan (2023) sa kanyang pag-aaral, na may pamagat na **"Mental Health and Academic Success: Balancing Education and Treatment for Teens"** nabanggit niya na ang *mental health* ay

hindi lamang tungkol sa emosyonal na kagalingan; ito ay nagtataglay ng isang mahalagang papel sa kakayahan ng isang bata na magkaroon ng atensyon, panatilihin ang impormasyong natutuhan, at maging bahagi sa proseso ng pagkatuto. Ayon kay Robson (2024), ang mga positibong ugnayan ay makabuluhan para sa kalusugang pangkaisipan ng mga bata sa paaralan, at mahalaga rin ito sa alinmang kabuang hakbang ng isang paaralan tungkol sa kalusugang pangkaisipan at kagalingan. Napatunayan din sa pag-aaral nina Saavedra et. al (2022), na kahit sa panahon ng pandemya kung saan ang mga mag-aaral ay nakaranas ng suliranin sa kanilang *mental health,* ang kanilang mga alagang hayop ay naging isa sa kanilang mga *outlet* upang maging *resistant* sa mga akademikong pagsubok dahil sa madalas na nakakulong at laging nakaharap sa kanilang *gadget o computer* bunga ng biglaang paglipat sa *online class.*

Ang mga mananaliksik na sina Binfet at Passmore (2016) ay nakapagsuri ng isang pagaaral tungkol sa bisa ng **Animal-Assited Therapy (AAT)** sa pagpapagaan ng *homesickness* sa mga bagong estudyante sa kolehiyo. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang isang kontroladong grupo ng mga kalahok ay nakibahagi sa isang *8-week program* kung saan kasama nila ang mga sinanay na mga *therapy dogs* at mga boluntaryong tagapag-alaga. Ang mga kalahok ay nagkaroon ng apatnapu't limang (45) minutong sesyon tuwing Biyernes, kung saan sila ay nakikipag-ugnayan sa mga aso sa loob ng huling labing-imang (15) minuto. Samantala, ang isang hindi kontroladong grupo ay nasa *waiting list* at hindi nakatanggap ng anumang *treatment*. Ipinapakita sa resulta na ang interbensyon ay nakapagtagumpay sa pagpapababa ng *homesickness* ng mag-aaral at pagpapanatili sa pagtaas ng kasiyahan sa buhay (Binfet at Passmore, 2016).

Ayon kay Franklin (2017), ang presensya ng isang hayop ay naghihikayat sa mga magaaral na mas sundin ang mga tagubilin, nagpapahusay sa kanilang kakayahang magpokus sa mga gawain, at nagtataguyod ng angkop na pagtatanong. Ang ganitong diskarte ay nagreresulta sa mas kaunting *emotional outburst* at pangkalahatang pagtaas ng mga positibong pag-uugali ng mga mag-aaral. Ang presensya ng isang hayop sa loob ng silid-aralan ay nakapagpapaunlad ng ugali ng mga bata patungkol sa paaralan at nakatutulong sa kanila na matuto tungkol sa responsibilidad, paggalang, at pakikiramay (Franklin, 2017).

## 4. Ang Epekto ng Kasarian ng Tagapag-alaga sa Pagkakaroon ng Alagang Hayop

Ayon kay Gerber (2016) ng South Africa, na siyang nabanggit sa isinagawang pag-aaral ni Wright (2018), na may pamagat na **"The Relationship between Pet Attachment, Perceived Stress and Life Satisfaction: An Online Survey"** ang mga babaeng mag-aaral ay makabuluhang nakakuha nang mas mataas na puntos sa pagkakaroon ng ugnayan sa kanilang mga alagang hayop kumpara sa katapat nilang mga lalakeng mag-aaral.

Kaugnay nito, ipinaliwanag nina Martens et al. (2019) na ang mga babae ay higit na nagmamalasakit para sa mga hayop partikular sa mga kategorya na nakasalalay ang kapakanan at buhay ng mga ito (hal. 'Pagpatay ng mga hayop', 'eksperimento sa mga hayop', 'saktan ang mga hayop para sa kapaligiran'). Nabanggit nina Herzog et al. (2015) na ang pagkakaiba ng kasarian sa mga saloobin patungkol sa mga usaping tumutukoy sa kapakanan ng hayop ay naipakita sa iba'tibang bansa at kultura. Ayon sa kanila, sa bansang Estados Unidos, mas nababahala ang mga kababaihan sa proteksyon ng hayop kaysa sa mga kalalakihan.

Samakatuwid, sa pag-aaral ni Sinski (2018), na may pamagat na **"Gender and Leadership in Animal Sheltering Organizations",** nabanggit na ang mga lalake at babae ay may pantay na suporta sa ugnayan ng mga hayop sa tahanan. Sa kanyang survey, natuklasan na maraming makabuluhang resulta ang lumitaw kaugnay ng kaibahan ng kasarian ng mga tagapag-alaga na may kinalaman sa kapakanan ng mga alagang hayop. Ayon sa resulta, parehong ang mga lalake at babaeng kalahok ay nag-ulat ng magkatulad na antas ng kaalaman tungkol sa mga isyu na nakaaapekto sa kapakanan ng hayop. Ilan sa mga kalahok ng isinagawang pag-aaral ang nagbahagi ng karanasan sa pagkakaroon ng alagang hayop, lalo na ang kanilang pangangalaga at kaligtasan. Sa kanyang pag-aaral, inilarawan ni Warren, isang lalakeng derektor ng isang *public shelter,* ang kanyang buhay kasama ang mga hayop: ***"Animals for me, I grew up in*** **this** ***[really] rough neighborhood here in town. My parents are super strict, so I could never go out and hang out at the park with the neighborhood kids because they didn't want me to fall into the negative cycle. All I had growing up [where] my first friends [were] my animals, and so they occupied a huge space of my childhood and ultimately really kept me out of trouble."*** Si Grace, isang babaeng derektor ng isang *public shelter,* ay nagbahagi rin ng sariling pananaw sa relasyon niya sa kaniyang mga kasamahang hayop: ***"So, I live alone with just my animals, so for me, they truly are companions, and they are the things that I [really] look forward to about home. Things like I garden, and I do [cooking] and I do other things. But [,] I don't want to do any of those things without having my animals around. They're just so much a part of me."*** Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang kasarian ay maaaring hindi gaano nakaaapekto sa pananaw tungkol sa kaalaman sa kapakanan ng hayop sa mga nasaliksik na populasyon (Sinski, 2018).

## 5. Gender Roles sa Pag-unawa ng Pagkakaroon at Pag-aalaga ng Hayop

Ayon kina Mcgreevy et al. (2017), nakadepende ang buhay ng mga aso sa kung paano sila umaayon sa mga inaasahang kasarian ng mga tagapag-alaga. Hindi lamang ito patungkol sa kung paano tayo nakikipag-ugnayan bilang mga tao sa ating mga alagang aso, nakasalalay rin dito sa kung paano nakikipag-ugnayan ang ating mga kasarian sa kanila.

Ayon sa nilalaman ng kaugnay na pag-aaral ni Howell (2022), na may pamagat na **"Do Dogs Prefer A Certain Gender?"** ang mga alagang aso ay hindi laging dominante sa pagpili sa kung sino ang gusto nilang maging tagapag-alaga ayon sa kasarian nito, nakasalalay rin ang kanilang relasyon o nakasanayang ugnayan simula noong mga tuta pala lamang.***"This typically has to do with how they were socialized, who takes care of them and their past experiences… If a dog has a negative experience with one gender, for example, abuse or neglect, it may turn [into] them prefer[ing] the other gender out of fear,"*** ayon kay Dr. Chyrle Bonk, isang *Veterinarian,* na nabanggit sa kanyang pag-aaral. Kaugnay nito, ayon kay Telesz (2017), ang mga maamong lahi na mas sanay sa pakikipag-ugnayan sa mga babae ay maaaring maging delekado kapag nakasasalubong ang isang lalakeng estranghero. Gayunpaman, ito ay parehong nailalapat kapag binabaligtad natin ang mga kasarian.

Sa kabilang banda, ang mananaliksik na si Todd (2020) ay naniniwala na ang mga tungkulin ng kasarian ng mga hayop ay maaaring ring makaimpluwensya sa kung paano nakikipag-ugnayan ang mga tao sa kanila. Ito ay binigyang patunay ni Hinds (2023) kung saan kanyang iminungkahi na ang mga tagapag-alaga ay karaniwang nakikipag-ugnayan sa mga babaeng aso sa pamamagitan ng *gentle stroking,* at isinasakatuparan ang pagiging maingat sa mga ito sa labis na paglalaro. Samakatuwid, kapag nakikipag-ugnayan sa mga lalakeng aso, ang mga tagapag-alaga ay madalas na gumagamit ng *hands-on* na pamamamamaraan upang magkaroon ng kontrol sa pag-aasikaso at gumagamit ng *rough patting*, at ang mga lalakeng asong ito ay aktibong nakikilahok sa mga gawain.

Binigyang patunay ni Robins (2021) na ang mga lalakeng aso gayundin ang mga babaeng aso ay bahagyang naiiba sa pag-uugali. Ang mga pagkakaibang ito ay pangunahing nakaugat sa kanilang *biological* at *evolutionary heritage.* Ang pagiging agresibo at katapangan, na inilarawan bilang isang *behavioral syndrome*, ay iniulat na mas nakikita sa mga lalakeng aso kumpara sa mga babaeng aso. Ang mga lalakeng aso ay mas mahilig sa larong pang-sosyal, samantala, ang mga babaeng aso ay tila mas interesado sa pakikipag-ugnayan sa mga tao, partikular sa mga gawain na nangangailangan ng mga kasanayang pagtutulungan.

## 6. Ang Papel ng mga Alagang Hayop sa Pamilya

Ang mananaliksik na si Coren (2023) ay nagpatunay na ang mga alagang hayop gaya ng aso at pusa ay itinituring bilang parte ng miyembro ng isang pamilya. Ang mga aso ay tinuturing na parang higit pa sa anak, at ayon sa **American Veterinary Medical Association** walongpu't limang (85%) porsiyento sa mga tagapag-alaga ang nagpalagay sa kanilang mga alagang aso bilang pamilya (Coren, 2023). Karamihan sa mga Amerikano, na may animnapu't dalawang porsiyento (62%), ay nagmamay-ari ng alagang hayop; at halos lahat ng may-ari ng alagang hayop sa U.S., na may siyam na pu't pitong porsiyento (97%), ang nagsasabi na ang kanilang mga alagang hayop ay bahagi ng kanilang pamilya, ayon sa isang bagong sarbey ng **Pew Research Center**. Gayundin, humigit-kumulang kalahati sa mga tagapag-alaga, na may limampu't isang porsiyento (51%), ang hindi lamang isinasaalang-alang ang kanilang mga alagang hayop bilang isang parte ng kanilang pamilya, kundi kanila ring ipinahayag ang mga ito bilang mga miyembro ng mga indibidwal na tao (Brown, 2023).

Sa lahat ng pagkakataon, ang mga hayop ay kabilang sa mga kaganapan sa isang pamilya, at nagiging mahalaga sa lahat ng mga miyembro nito. Dahil sa pagkilala sa mga alaga bilang miyembro ng isang pamilya, ang pagkawala ng mga ito, pusa man o aso, ay kadalasang isang sanhi nang malalim na kalungkutan para sa mga taong kanilang kinabibilanagan (Carver, 2019).

Sa resulta ng pag-aaral na isinagawa nina McConnell et al. (2019), na pinamagatang **"The Well-Being Benefits of Seeing Pets as Family Members."** sinasabi na ang pagtingin sa mga alagang hayop bilang pamilya ay hindi lamang nagpapabuti sa kagalingan, kundi ito ay nagaganap dahil tayo ay naglalapat ng higit pang mga katangiang sumusuporta sa kanila. Ito ay isang gawaing nagpapakita ng mga benepisyo sa kagalingan ng **"pet anthropomorphism"** na nabanggit din sa pag-aaral nina Brown et al. (2016). Ito ay pumupunan sa iba pang mga gawain na nagpapakita na habang mas maraming uri ng mga nilalang ang isinasama ng mga tao sa kanilang pakahulugan na pamilya (gaya ng kapitbahay, kaibigan, katrabaho, at alagang hayop), mas nakararanas sila nang mas maayos na *mental* at pisikal na kalusugan (Buchanan et al., 2016). Ang mga taong madalas na gumagamit ng prosesong *anthropomorphize* sa mga hayop, gaya ng pagtingin lamang sa mga larawan ng mga aso at pusa, ay maaring makaranas ng *neutralization* sa mga negatibong damdamin na nagmumula sa mga hindi angkop na mga karanasan (Brown et al., 2016).

Ang mga kaugnay na pag-aaral at literatura na binanggit sa itaas ay may layuning maipakita ang iba't-ibang mga epekto ng pag-aalaga ng hayop. Ngunit, wala gaanong nakita ang mga mananaliksik tungkol sa mga masasamang naidudulot ng pagkakaroon ng alagang hayop, at wala gaanong mga resulta ang nagpapatunay kung ang mga ito ay negatibong nakaaapekto sa pagganap ng tagapag-alaga, na siyang lumikha ng isa pang puwang sa isinagawang pag-aaral. Isang karagdagang dahilan para sa mga mananaliksik na layong malaman kung may negatibong epekto nga ba ang pagkakaroon ng alagang hayop sa gawaing pang-akademiko ng mga mag-aaral sa sekundarya bilang mga tagapag-alaga.

## IV. BATAYANG TEORETIKAL

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa isang teorya na kilala sa tawag na **"Social Support Theory"** na karaniwang kaugnay ni Emory L. Cowen. Ayon kay Beetz (2017), ang *social support theory* ay isang teorya na nagpapaliwanag ng mga kapaki-pakinabang mga epekto ng pakikipag-ugnayan ng tao at hayop. Bilang pagpapahalaga sa pag-unawa ng mga mananaliksik, binanggit nina Allen et al. (1991) at nina McCune et al. (2014) na ang mga alagang hayop ay maituturing isang anyo ng *social support*. Ang relasyon ng tao at hayop ay binigyang alam na (1) katulad ng relasyon o kaugnayan ng dalawang tao (Bonas et al., 2000), (2) nagbibigay ng isang matatag na batayan sa pagkakaroon ng seguridad sa pagiging malapit, at (3) kumakatawan sa emosyonal na ugnayan na siyang katumbas ng isang relasyong pampamilya (Barker at Barker, 1988; Cain, 1985).

Ayon sa ilang pag-aaral, ang mga *childhood pets* ay nagbibigay ng isang uri ng *social support* para sa mga bata (Van Houtte & Jarvis, 1995). Ipinagbigay alam na ang mga bata ay emosyonal na malapit sa kanilang mga alaga (Barker at Barker, 1988; Vidovic et al., 1999), at tinuring ang mga ito bilang kasamahan at pinagkakatiwalaan (Melson et al., 1991; Vidovic et al., 1999), na maaaring magbigay ng kahustuhan o maging pamalit sa ibang relasyon (Van Houtte & Jarvis, 1995). Kaugnay nito, sa pag-aaral nina Barker et al. (2020) nabanggit na ang bahagi ng kaalamang ito ay pinalawak ng isang bagong pag-aaral sa mga mag-aaral sa kolehiyo. Gamit ang parehong paraan ng pagsusuri, natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay kasing lapit sa kanilang mga alaga tulad ng kanilang pinakamalapit na pamilya. Ito ay may apat na pu't tatlong porsyento (43%) na siyang nagpapakita na sila ay mas malapit sa kanilang alagang hayop kaysa sa sinumang miyembro ng pamilya (Barker, Barker, McCain at Schubert, 2017).

## V. METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik, disenyo ng pag-aaral, paraan ng pagpili ng mga kalahok, instrumentong ginamit, estadistikal na pamamaraang ginamit, at paglilikom at interpretasyon ng mga datos. Masusing pinili at sinuri ng mga mananaliksik ang ginamit na instrumento at mga pamamamaraan upang maging mas kapaki-pakinabang ang pananaliksik na isinagawa.

### 1.1 Disensyo ng Pag-aaral

Ang uri ng pananaliksik o disensyo ng pag-aaral ay "**kuwantitatibo**" na naglalayong suriin at tignan ang iba't-ibang pananaw tungkol sa epekto ng pagkakaroon ng alaga ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Ayon kay Male (2024), isinasalin ng pananaliksik na kuwantitatibo ang mga kumplikadong pag-uugali at opinyon sa mga numerikal na datos, na nag-aalok nang malinaw at mapagkilos na pananaw.

Gayundin, ang pananaliksik ay isang *comparative* na may layuning malaman ang makabuluhang pagkakaiba ng mga baryabol sa pag-aaral. Ang **Descriptive Correlational Research Design**, na gumagamit ng talatanungan, ang napili rin gamitin ng mga mananaliksik bilang isang uri ng *descriptive method* sa pagkolekta, pag-analisa, at paghinuha ng mga datos. Ito ay ginamit upang lalo rin mapagtibay ang mga datos na nakalap. Ang disenyong ito ay mainam na gamitin upang maipakita ang relasyon ng dalawang baryabol at kung paano ito nagkakaroon ng kaugnayan sa bawat isa (Saavedra, 2020).

Ang mga mananaliksik ay naniniwalang angkop ang ganitong uri ng metodolohiya sapagkat mas napapadali ang pagkuha at pagsuri ng mga datos sa malaking bilang ng populasyon. Nakatuon din ang mga mananaliksik sa pangolekta nang mas malinaw at maayos na datos mula sa mga kalahok ng pag-aaral.

### 1.2 Sampling

Sa pananaliksik na ito, ang mga nakalap na datos ay nagmula sa tatlompu't dalawang (32) kalahok na mga mag-aaral sa sekundarya mula sa isang pamantayan sa Lungsod ng Zamboanga. Ang mga kalahok ay hinati sa labing-anim (16) na lalake at labing-anim (16) din na babae mula sa dalawang seksyon ng ika-sampung (10) antas. Sila ay pinili sa pamamagitan ng *stratified sampling* na tumutukoy sa kanilang kasarian at sa pagiging mga tagapag-alaga ng hayop. Gayundin, ang mga mananaliksik ay gumamit ng *simple random sampling* para sa pagpili ng walong (8) bilang ng mga kalahok na babae at walong (8) bilang ng mga kalahok na lalake sa bawat seksyon.

Ang *stratified sampling* ay isang paraan ng pagpili ng mga kalahok sa isang pag-aaral kung saan hinahati ang isang malaking grupo ng tao sa mas maliit na grupo ayon sa ilang mga katangian. Pagkatapos, mula sa bawat maliit na grupo, pipili ng mga kalahok nang random (Bisht, 2024). Ayon naman kay Simkus (2023), ang *simple random sampling* ay isang paraan ng pagpili ng mga kalahok sa isang pag-aaral kung saan lahat ng miyembro ng isang grupo ay may pantay na pagkakataon na mapili nang walang anumang pagkiling.

### 1.3 Instrumento sa Pag-aaral

Ang instrumentong ginamit ng mga mananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral ay **standardized instrument**, isang *adapted* na talatanungan o sarbey kwestyuner, sa pangangalap at pagkuha ng mga datos mula sa kanilang mga kalahok. Ito ay nakabatay sa ginawang instrumento ni Benjumea (2017) sa kanyang pag-aaral na may pamagat na **"The Effect of Pet Ownership on ESL Students' Academic Success"**. Ang orihinal na

instrumento ay nakasulat sa Ingles, kaya naman ito ay isinalin ng mga mananakiksik sa wikang Filipino upang matugunan ay mga layunin ng kanilang pag-aaral.

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay isang *survey form* (checklist at rating scale) upang makakalap ng mga kinakailangang datos. Ang *likert scale* ay ginamit din sa pag-aaral na kilala bilang isang *psychometric scale.* Sa pagtugon sa *likert scale questionnaire*, ang mga kalahok ay pumili sa kanilang antas ng pagsang-ayon sa mga pahayag. Ang *likert scale* na inihanda ng mga mananaliksik ay naglalaman ng limang (5) *likert items*, at mga tanong na makikita sa loob ng talahayan. Ang bawat *item* o hanay ay may kaukulang sukat (lubos na sumasang-ayon, sumasang-ayon, hindi sigurado, hindi sumasang-ayon, lubos na hindi sumasang-ayon), kung saan ang mga kalahok ay maaaring pumili bilang kanilang tugon gamit ang markang tsek. Ang mga sukat ay naging batayan sa pagtuklas sa iba't-ibang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa epekto ng pagkakaroon ng alagang hayop sa kanilang pagkatuto.

Kaugnay nito, ang talatanungan ay binubuo ng labing-anim (16) na mga tanong. Sa unang bahagi, ito ay binubuo ng propayl ng mga kalahok ayon sa opsyonal na pangalan, petsa, at kasarian. Ang instrumento ay *convenient* para sa mga mananaliksik at sa mga kalahok dahil nakatipid ito ng oras, lalo na sa mga kalahok na abala sa anumang gawain pang-akademiko.

**1.4 Pagpapatibay ng Instrumento**

Sa pagpapatibay ng instrumentong ginamit, ang mga mananaliksik ay sumailalim sa tulong ng kanilang *research adviser* upang maging maayos, makatotohanan, at makabuluhan ang mga detalyeng nilalaman ng talatanungan. Sa pamamagitan ng tulong at gabay ng *research adviser*, ang mga mananaliksik nakasisiguro na mapagkakatiwalaan (reliable) ang ginamit na instrumento sa proseso ng pangangalap ng mga datos, na siyang naging batayan sa pagkakaroon nang maayos na mga resulta sa ginawang pag-aaral. Mahalaga ang hakbang na ito upang matiyak ng mananaliksik na ang kawastuhan at kaangkupan ng instrumento upang masagot ang mga layunin ng pag-aaral na ito (Saavedra, 2018).

**1.5 Paglilikom ng Datos**

Isang liham ng pahintulot ang ipinadala sa Tanggapan ng Dekano sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro upang hingian ng pahintulot na isagawa ng mga mananaliksik ang sarbey sa mga natukoy na kalahok. Nang nabigyan ng pahintulot, nagtungo ang mga mananaliksik sa mga kalahok na mag-aaral upang ibigay ang mga talatanungan na kanilang nasagutan. Kalakip nito ay ang *informed consent* ng pangangalap ng datos upang patunayan na sila ay bahagi ng isinagawang pag-aaral.

**1.6 Interpretasyon ng mga Datos**

Sa pagpapakahulugan ng mga nakalap na datos mula sa mga nasagutang talatanungan ng mga kalahok, ang mga mananaliksik ay gumamit ng mga sumusunod na kompyutasyong estadistika.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng **General Weighted Mean** sa pamamagitan ng *Excel* upang malaman ang kabuoang bilang at katumbas ng mga pananaw sa epekto ng pagkakaroon ng alagang hayop sa pangkalahatan. Nabigyang halaga rin ang *statistical tool* na **Statistical Package for the Social Sciences (SPSS)** sa pagsuri ng mga numerikal na datos mula sa mga talatanungan. Gayundin, ang **Mann-Whitney U Test** ay nagamit upang makuha ang makabuluhang pagkakaiba ng mga baryabol sa pag-aaral kung papangkatin ayon sa kasarian. Ang mga nabanggit na kompyutasyong estadistika ay nakatulong sa pag-analisa ng kabuoan at pagkakaiba sa pagitan ng mga baryabol na kasarian at pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa epekto ng kanilang mga alagang hayop sa kanilang gawaing pang-akademiko.

## VI. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang mga sumusunod ay ang resulta na sumasagot sa bawat layunin ng pag-aaral:

1. Ano ang pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral na sekundarya sa epekto ng kanilang mga alagang hayop sa kanilang gawaing pang-akademiko?

Matutunghayan sa TALAHANAYAN 1 ang unang katanungan ng pag-aaral patungkol sa kabuuang pananaw ng mga mag-aaral sa epekto ng kanilang mga alaga sa kanilang gawaing pang-akademiko. Batay sa kabuuang *mean scores* na **2.93,** ang kabuuang pananaw ng mga mag-aaral sa epekto ng pagkakaroon ng alaga sa kanilang gawaing pang-akademiko ay **neutral**.

Sa kabuuan, pinapatunayan lamang nito na ang mga kahahok ay nagpapakita na maaaring may positibo at negatibong naidudulot ang pagkakaroon ng alaga sa kanilang pagkatuto. Ang natuklasang resulta ay pinagtibay ng ilang mga pag-aaral.

Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay binigyang patunay ng mga mananaliksik na sina McCullough et al. (2019). Kanilang napag-alaman, ayon sa kanila, na maaaring pagyamanin ng mga hayop ang mga kapaligiran kung saan natuto ang mga mag-aaral sa makabuluhang paaran, na siyang maaaring maging sanhi ng pagkaroon nang malawak na implikasyon ang kanilang pag-unlad bilang mga tagapangalaga, lalo na sa mga walang lakas na

loob na makipag-ugnayan. Gayundin, ang pag-aaral ni Picard (2015) na may pamagat na "**Study of the Effects of Dogs on College Students' Mood and Anxiety"** ay nakapaglabas ng resulta na nagsasabi na ang direktang pakikipag-ugnayan sa mga aso ay nagdudulot ng pagtaas ng positibong kalooban sa mga mag-aaral. Sa kabaliktaran, ang mga taong nagmamasid lamang sa mga aso ay hindi nakararanas ng ganitong positibong pagbabago. Iminungkahi rin ng mananaliksik na habang pinahuhusay ang positibong kalooban sa direktang pakikipag-ugnayan sa mga aso, ang presensya ng mga aso ay maaari pa rin makapag-ambag sa pangkalahatang pagpapabuti ng kalooban at antas ng pagkabalisa.

Sa kabilang banda, sumasalungat ang pag-aaral na isinagawa ni Woehr (2022) na pinamagatang **"Effects of Dog Ownership and Academic Success: A Correlational Study"** sa pagkakaroon ng positibong epekto ng pagkakaroon ng alaga. Ayon sa resulta ng pag-aaral, hindi nakitaan ng anumang ugnayan sa pagitan ng pagmamay-ari ng aso at mas mataas na pagganap sa akademiko sa mga mag-aaral sa *high school*. Ang pagmamay-ari ng aso ay maaaring mangailangan nang malaking oras at responsibilidad, na maaaring makaabala sa mga mag-aaral at makahadlang sa kanilang tagumpay sa akademiko (Woehr, 2022).

Naniniwala ang mga mananaliksik na ang ilan sa mga negatibong epekto ng pagkakaroon ng alagang hayop, partikular sa mga mag-aaral, ay ang mababang *"attachment"* o ugnayan at ang hindi lubos na pagtanggap dito bilang epektibong estratehiya o pamamaraan sa pagpapabuti ng kalooban, pag-iisip, asal, o kasanayan. Kumpara sa ibang bansa, tulad ng Estados Unidos, limitado ang pananaw at kamalayan ng mga Pilipino sa bansang Pilipinas tungkol sa mga benepisyo ng pagkakaroon ng alagang hayop, na maaaring dahilan ng negatibong pakikipag-ugnayan at pangangalaga. Isa sa mga dahilan nito ay ang iba't-ibang kultura ng bansa; halimbawa, ang ilang uri ng hayop ay maaaring hindi angkop sa mga indibiduwal na may magkakaibang paniniwala. Bukod dito, ang kakulangan sa pinansyal ay isang malaking hadlang; karaniwang ang mga may kaya lamang ang nakikinabang sa mga alagang hayop na may sapat na pangangalaga, pagkain, at kagamitan. Ang kawalan ng sapat na pondo ay nagdudulot ng kawalan ng kasiguraduhan sa pagtamo ng mga benepisyo mula sa pagaalaga. Dagdag pa, ang mataas na gastos sa pangangalaga ay maaaring makaapekto sa personal na gastusin ng tagapag-alaga. Ang mga hadlang na ito ay maaaring magdulot ng pagaalinlangan sa positibong epekto ng pagkakaroon at pag-aalagang alagang hayop, lalo na sa mga indibiduwal na may makabuluhang pagganap sa iba't-ibang mga gawain.

Itinampok ng isang artikulo ni Sipe (2014) na sa Pilipinas, ang mga hayop ay kadalasang itinuturing na mga pangangailangan sa buhay kaysa bilang mga simpleng kasamahan, na siyang kabaliktaran sa mas mayayamang lipunan kung saan ang mga alagang hayop ay itinuturing na bahagi ng pagkakaroon ng marangyang pamumuhay. Samantala, binaggit ni Abdullah (2023) na sagrado ang mga hayop sa ilang relihiyon gaya ng Hinduism at Buddhism, samantalang itinuturing namang marumi at hindi angkop na alagang hayop sa Islam at Judaism. Iminungkahi naman nina Li et al. (2023) na ang masamang epekto ng pagpapalaki ng isang pamilya sa kanilang mga alagang hayop ay maaaring makuha ng isang bata sa kaniyang paglaki o pagunlad.

**Talahanayan 1**

| Katanungan | Mean Responses | Descriptor |
|---|---|---|
| 1. Mahusay ako sa klase kung wala akong inaalagaang hayop. | 2.69 | Hindi Sigurado |
| 2. Naisasagawa ko ang mga takdang-aralin dahil sa ugnayan ko sa aking alagang hayop. | 3.53 | Sumasang-ayon |
| 3. Dahil sa aking alagang hayop, mas madalas kong naipapasa ang aking takdang-aralin sa tamang oras. | 3.25 | Sumasang-ayon |
| 4. Nakakukuha ako ng mababang marka sa klase dahil sa aking alagang hayop. | 2.28 | Hindi Sigurado |
| 5. Nagkakaroon ako ng mga kaibigan dahil sa aking alagang hayop. | 3.44 | Sumasang-ayon |
| 6. Hindi ako nakakalahok sa mga "Extracurricular Activities" sa aming paaralan dahil sa aking alagang hayop. | 2.28 | Hindi Sigurado |
| 7. Hindi ko nagagawa ang aking mga gawaing pang- akademiko dahil sa aking alagang hayop. | 2.06 | Hindi Sigurado |

| | | |
|---|---|---|
| 8. Napapaunlad ang aking kaalaman kapag wala akong alagang hayop. | 2.56 | Hindi Sigurado |
| 9. Dahil sa aking alagang hayop hindi ako nakararamdam ng pagkabalisa sa aking isasagawang mga takdang-aralin. | 3.62 | Sumasang-ayon |
| 10. Napapadali ang aking pagkatuto kung wala akong alagang hayop. | 2.72 | Hindi Sigurado |
| 11. Masaya akong matuto kahit wala akong alagang hayop. | 3.09 | Sumasang-ayon |
| 12. Nakararamdam ako ng katalinuhan dahil sa alagang hayop. | 3.34 | Sumasang-ayon |
| 13. Determinado akong husayan ang aking pag-aaral dahil sa aking alagang hayop. | 3.69 | Sumasang-ayon |
| 14. Napapanatag akong gumawa ng mga takdang-aralin dahil sa aking alagang hayop. | 3.44 | Sumasang-ayon |
| 15. Hindi ako nakakapag-aral nang mabuti dahil sa aking alagang hayop. | 2 | Hindi Sumasangayon |
| 16. Mas masigasig akong matuto dahil sa aking alagang hayop. | 3.56 | Sumasang-ayon |
| **AVERAGE MEAN** | **2.93** | **Neutral** |

*Legend:*
*0.0-1.0 – Lubos na hindi Sumasang-ayon* *3.01-4.0 - Sumasang-ayon*
*1.01-2.0 - Hindi Sumasang-ayon* *4.01-5.0 - Lubos na Sumasang-ayon*
*2.01-3.0 - Neutral*

2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang pananaw ng mga kalahok sa epekto ng kanilang mga alagang hayop sa kanilang gawaing pang-akademiko batay sa kanilang kasarian? Lalake at Babae

Ipinapakita ng TALAHANAYAN 2 ang makabuluhang pagkakaiba ng pananaw ng mga kalahok sa epekto ng kanilang mga alagang hayop sa kanilang gawaing pang-akademiko batay sa kanilang kasarian. Napag-alaman na ang halaga ng 0.398 ay mas malaki kaysa sa antas ng *alpha* na 0.05, na nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba ang pananaw ng mga kalahok sa epekto ng kanilang mga alagang hayop sa kanilang pagkatuto kapag ang kanilang mga kasarian ay pinagsama-sama. Ito ay nangangahulugan na walang makabuluhang pagkakaiba ang epekto na nakukuha ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng alagang hayop sa kanilang mga gawaing pang-akademiko batay sa kanilang mga kasarian.

Masasabi na ang mga mag-aaral, lalake man o babae, ay may parehong mga epekto ang nakukuha sa pagkakaroon ng alagang hayop sa kanilang pagkatuto. Ang epekto nito ay maaaring may magandang naiidulot sa kanila o labis na problema lamang ang hatid nito, na maaaring maging sanhi ng kanilang maayos o hindi naaayon na pagganap sa loob ng paaralan o maging sa kani-kanilang mga tahanan.

Ilang pananaliksik ang maaaring magpatunay sa natuklasan ng pag-aaral na ito. Sa pagaaral nina Li et al. (2023) na may pamagat na **"Impact of Pet Companionship on Student Development: A Meta-Analysis"** ay nakapagsiwalat na ang mga alagang hayop ay nagsisilbing mahahalagang kaibigan ng mga bata, nag-aalok ng palagiang pakikisama sa bahay, nakikilahok sa mga *animal-assited classes*, at nakikibahagi sa *animal assisted therapy*. Ang mga alagang hayop ay itinuturing na mahahalagang mga kaibigan para sa mga mag-aaral (Li et al., 2023). Samakatuwid, ilan sa mga mananaliksik gaya nina Cassels et al. (2017) ay nakapagmungkahi na ang pangangalaga ng hayop ay maaaring makapagdulot ng negatibo at hindi nakatutulong na mga aspeto. Kaugnay nito, ayon kina Bosacki at Tardif-Williams (2019) may ilang mga opinyon ang nagbibigay ng hamon sa bisa ng pakikisama sa alagang hayop, kabilang ang mga magulang na nagpapahayag ng mga alalahanin sa pagpapalaki ng mga alagang hayop na maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa pisikal na kagalinagn at sosyo-emosyonal na pag-unlad ng mga bata, gayundin ang posibleng pagpigil ng kanilang malusog na pangkalahatang paglaki.

**Talahanayan 2**

| Kasarian | Mean Rank | P-value | Decision | Interpretation |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Lalake | 15.24 | 0.398 | Tanggapin ang Null Hypothesis | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| Babae | 17.93 | | | |

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang kasarian ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng positibong pananaw sa pag-alaga ng mga hayop? Lalake at Babae

Ang TALAHANAYAN 3 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba ng kasarian ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng positibong pananaw sa pag-aalaga ng mga hayop. Natuklasan na ang halagang 0.525 ay mas mataas sa antas na *alpha* na 0.05, kung gayon, ito ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba ang kasarian ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng positibong pananaw sa pag-aalaga ng mga hayop kapag pinagsama-sama ang mga ito. Ibig sabihin, hindi sinasang-ayunan ng pag-aaral na ito na ang pagkakaiba ng kasarian ng mga mag-aaral ay nagiging sanhi sa pagkakaroon ng negatibong pananaw sa pag-aalaga ng hayop.

Masasabi na ang pagkakaiba ng kasarian ng mga mag-aaral na may alagang hayop ay hindi naging hadlang sa pagkakaroon nila ng positibong pananaw sa mga epekto na kanilang nakukuha mula sa mga ito. Ito ay nangangahulugan na pareho lamang ang nakukuha ng mga lalakeng mag-aaral at kapwa mga babaeng mag-aaral sa mga epekto na may maayos at magandang naidudulot para sa kanilang pagganap sa edukasyon. Sa kabuuan, ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang kasarian ng mga mag-aaral bilang mga tagapag-alaga, lalake man o babae, ay may pantay na pagtingin sa positibong pananaw sa kanilang pag-aalaga ng hayop.

Kaugnay nito, natuklasan nina Crump at Derting (2015) na ang *animal-assisted intervention* ay nakatulong sa pagbawas ng *stress* sa mga kolehiyong babaeng mag-aaral. Samantala, ang pag-aaral ni Dolan (2024) na pinamagatang **"Caring for pets linked to greater empathy in men"** ay nagpakita na ang pagmamay-ari ng alagang hayop ay nag-aambag sa mas mataas na antas ng empatiya sa mga lalake. Gayundin, napag-alaman sa pag-aaral ni Sinski (2018) tungkol sa **"Gender and Leadership in Animal Sheltering Organizations"** na parehong lalake at babae ay nagpakita ng pantay na antas ng kaalaman tungkol sa mga isyu na nakaaapekto sa kapakanan ng hayop.

**Talahanayan 3**

| Kasarian | Mean Rank | P-value | Decision | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Lalake | 15.56 | 0.525 | Tanggapin ang Null Hypothesis | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| Babae | 17.57 | | | |

## VII. KONKLUSYON

Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral sa sekundarya, ay **neutral**. Ito ay nagpapatunay na maaaring may positibo at negatibong naidudulot ang pagkakaroon nila ng alagang hayop sa kanilang pagkatuto. Natuklasan din sa pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa nakukuhang epekto sa pagkakaroon ng alaga sa kanilang gawaing pang-akademiko kapag papangkatin ang kanilang kasarian, na siyang nagpapatunay na parehong karanasan (masama man o mabuti) ang naibibigay ng mga alagang hayop sa kanilang pagkatuto. Gayundin, walang makabuluhang pagkakaiba ang pagkakaroon ng positibong pananaw ng mga mag-aaral na may magkaibang kasarian sa pag-aalaga ng mga hayop, na nangangahulugang ang pagkakaiba ng kanilang mga kasarian ay hindi nagiging sanhi sa pagkakaroon ng negatibong pananaw sa pagaalaga ng hayop.

Dagdag pa rito, dahil lumabas sa pag-aaral na ang epekto ng pagkakaroon ng alagang hayop sa pagkatuto ng mag-aaral ay ***neutral***, ito ay nangangahulugang hindi sumusuporta sa teoryang "**Social Support Theory**". Ang pag-aaral ay hindi sumasang-ayon sa teorya na ang ugnayan sa pagitan ng mga tao at hayop ay halos mabuting kaugnay lamang ang nakukuha. Sapagkat, ang pagkakaroon ng ugnayan ng mga mag-aaral sa kanilang mga alagang hayop, bilang isang *social support*, ay maaaring may negatibong epekto rin sa kanilang mga gawaing pang-akademiko.

## VIII. REKOMENDASYON

Ayon sa naging resulta at kongklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod; ang mga natuklasan sa pag-aaral ay maaaring magsilbing gabay sa mga mag-aaral, partikular sa mga nagpaplanong magkaroon ng alagang hayop, sa kung anong epekto ang maaari nilang makuha sa kanilang mga

gawaing pang-akademiko. Bukod pa riyan, ito ay magbibigay kamalayan sa mga magulang ng mga mag-aaral, may alaga man o wala, sa kung paano nila gagabayan ang kanilang mga anak sa pagkakaroon nang maayos at epektibong proseso sa pagkatuto. Kaugnay nito, ang mga natuklasan sa pag-aaral ay makatutulong sa mga administrador ng paaralan, kaagapay ang mga guro, para sa pagpapatibay ng mga programang may kinalaman sa pag-unawa tungkol sa pag-aalaga ng alagang hayop at ang naidudulot nito sa edukasyon ng mga estudyante. Ang programa ay magsisilbing ding gabay sa pagpapatupad ng mga *interventions* na may kinalaman sa pagbibigay importansya sa positibong ugnayan ng ng hayop at ng mga mag-aaral, isang pagkakataon para sa pagpapaunlad ng kanilang kagalingan sa larangan ng pakikipag-ugnayan at pagkatuto.

Iminumungkahi rin ng mga mananaliksik ang sumusunod para sa hinaharap na pananaliksik; pagpapalawak ng laki ng sakop ng *sample* o kalahok na mga mag-aaral ng sekundarya, pagsasaalang-alang sa hindi paggamit ng "Hindi Sigurado" bilang isang opsyon sa gagawing talatanungan, at maging ang pagpapalawak sa pagbuo ng mga tanong nito. Gumamit ng iba pang pamamaraan sa pangangalap ng datos upang ang kabuuang epekto ng pagkakaroon ng alaga sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay inaasahang mas magiging tiyak. Gayundin, ang pagbibigay pansin sa iba pang mga kasarian gaya ng mga LGBTQA+ (*lesbian, gay, bisexual, transgender, queer, asexual,* at iba pa), na maaaring maging mahalagang bahagi sa pagbibigay ng kabuang pananaw tungkol sa pagkakaroon ng alagang hayop na may kaugnayan sa mga akademikong pagganap.

## SANGGUNIAN


[1] V. L. Brelsford, K. Meints, N. R. Gee, & K. Pfeffer, Animal-Assisted Interventions in the Classroom-A Systematic Review. International *Journal of Environmental Research and Public Health, 14(7), 669*, 2017. http://doi.org/10.3390/ijerph14070669

[2] R. Nancy, A. H. Gee, H. F. Aubrey, & M. Peggy, How Animals Help Students Learn: Research and Practice for Educators and Mental-Health Professionals. New York: Routledge, 2017. https://doi.org/10.4324/9781315620619

[3] D. Casciotti, & D. Zuckerman, The Benefits of Pets for Human Health, 2016. http://center4research.org/healthy-living-prevention/pets-and-health-the-impact-of-companion-animals/

[4] A. S. Svensson, THE IMPACT OF THE ANIMALS ON CHILDREN'S LEARNING AND THEIR DEVELOPMENT - A STUDY OF WHAT CHILDREN LEARN FROM AND WITH PETS: THE EXAMPLE OF DOG AND CAT. Questa Soft, 2014. https://www.ceeol.com/search/article-detail?id=973056

[5] A. R. McConnell, E. P. Lyod, & T. M. Buchanan, Animals as friends: Social psychological implications of human-pet realationship. Psychology of friendship (pp.157-174). Oxford, UK: Oxford University Press, 2017. https://allenmcconnell.net/pdfs/mcconnell-etal-2017-pets-chapter.pdf

[6] N. Ein, L. Li, & K. Vickers, The effect of pet therapy on the physiological and subjective stress response: A meta-analysis. *Stress and health: journal of the International Society for the Investigation of Stress, (p. 477-489)*, 2018. https://doi.org/10.1002/smi.2812

[7] S. B. Barker, R. T. Barker, N. L. McCain, & C. M. Schubert, A Randomized Crossover Exploratory Study of the Effect of Visiting Therapy Dogs on College Student Stress Before Final Exams. *Anthrozoös, 29, 35-46*, 2016. https://doi.org/10.80/08927936.2015.1069988

[8] J. Neves, I. Costa, J. R. M. De Oliveira, B. Silva, & J. Maia, Can gender nouns influence the stereotypes of animals? Animals (Basel), 13(16), 2604, 2023. https://www.mdpi.com/2076-2615/13/16/2604

[9] E. Weiss, S. Gramann, C. V. Spain, & M. Slater, Goodbye to a good friend: An exploration of the re-homing of cats and dogs in the U.S. *Open Journal of Animal Sciences, 5, 435-456. DOI: 10.4236/ojas.2015.54046*, 2015.

[10] S. Bosacki, & C. Tardif-Williams, Children's mental state talk, empathy, and attachments to companion animals. *Psycholog of Language and Communication, 23(1):284*-301, 2019. https://doi.org/10.2478/plc-2019-0013

[11] P. Li, J. Yao, Y. Xu, & F. Zhou, Impact of pet companionship on student development: Ameta-analysis. Best Evidence in Chinese Education, 2023. https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&opi=89978449&url=https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1380406.pdf&ved=2ahUKEwjitJOsrsaEAxX13TgGHcHDB9AQFnoECBoQAQ&usg=AOvVaw1js-IqTIKhP3mOEJvaULO2

[12] SM. Hussein, WS. Soliman, & AA. Khalifa, Benefits of pets' ownership, a review based on health perspectives. *J Intern Med EmergRes.2(1):1*-9, 2021.

[13] T. Trauner, The benefits of a family pet. MSU Extension, 2017. https://www.canr.msu.edu/news/the_benefits_of_a_family_pet

[14] N. Shankar, & C. Park, Effects of Stress on students' physical and mental health and academic success. *International Journal of School & Educational Psychology, (4:1, 5-9,)*, 2016. https://doi.org/10.80/21683603.2016.1130532

[15] S. T. Wade, Examining stress and pet/stuffed animal attachment levels with college students. *Angelo State University Social Sciences Reaserch Journl, 4(1)*, 2017.

[16] M. Happold, The power of pets for college students. 14 East, 2018. http://fourteeneastmag.com/index.php/2018/03/30/the-power-of-pets-for-college-students/

[17] N. Peel, K. Nguyen, & C. Tannous, The Impact of Campus-Based Therapy Dogs on the Mood and Affect of University Students. *International journal of environmental research and publc health, 20(6), 47-59*, 2023. https://doi.org/10.3390/ijerph20064759

[18] N. R. Gee, J. A. Griffin, & P. McCardle, Human-animal interaction research in school settings: Current knowledge and future directions. AERA Open, 3(3), 2332858417724346, 2017. https://doi.org/10.1177/2332858417724346

[19] T. Adams, C. Clark, V. Crowell, K. Duffy, M. Green, S. Mcewn, A. Wrape, & F. Hammonds, The mental health benefits of having dogs on college campuses. *Modern Psychological Studies*, 2017. https://scholar.utc.edu/mps/vol22/iss2/7

[20] J. Kropp, & M. Shupp, Review of the Research: Are Therapy Dogs in Classrooms Beneficial?, 2017. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1173578.pdf

[21] A. McCullough, A. Ruehrdanz, R. Garthe, C. Hellman, & M. O'Haire, Measuring the Social, Behavioral, and Academic Effects of Classroom Pets on Third and Fourth-Grade Students. Human Animal Interaction Bulletin. Advance online publication, 2019.

[22] S. Sullivan, Health and Academic Success: Balancing Education and Treatment for Teens. Bright Path (Behavioral Health), 2023. https://www.combrightpathbh.cm/Mental

[23] L. Robson, Why is mental health and wellbeing important for schools? Worth-it Positive Education, 2024. https://www.worthit.org.uk/blog/school-mental-health-wellbeing-important

[24] A. Saavedra , W. D. Alejandro, & R. Espinosa, Self-perceived Research Competence among Social Sciences Students: An Investigative Survey during the COVID-19 Pandemic.*International Journal of Health Sciences, 4211-4221,* 2022.

[25] J. T. Binfet, & H. A. Passmore, Hounds and homesickness: The effects of an animal-assisted therapeutic intervention for first-year university students, *Anthrozoös, 29(3), 441-454*, 2016. https://doi.org/10.1080/08927936.2016.118364 *10.1080/08927936.2016.1181364*

[26] T. Franklin, Classroom Pets Aren't Just for Fun: New Research Reveals Animals' Positive Impact on Students. PRNewswire, 2017. https://www.prnewswire.com/news-releases/classroom-pets-arent-just-for-fun-new-research-reveals-animals-positive-impact-on-students-300510881.html

[27] M. Gerber, *Quality of life of tertiary students and their attachment to a companion animal* (Unpublished master's thesis), 2016. https://scholar.sun.ac.za/handle/10019.1/98382

[28] S. Wright, *The realationship between pet attachment, perceived stress and life satisfaction: An online survey* (Unpublished master's thesis), 2018. https://scholar.sun.ac.za

[29] P. Martens, C. Hansart, & B. Su, Attitudes of Young Adults toward Animals—The Case of High School Students in Belgium and The Netherlands. Animals, 2019. https://doi.org/10.3390/ani9030088

[30] H. Herzog, S. Grayson, & D. McCord, Brief Measures of the Animal Attitude Scale. *Anthrozoos, 28, 145-152,* 2015. https://doi.org/10.2752/089279315X14129350721894

[31] J. B. Sinski, *Gender and leadership in animal sheltering organizations* (Doctoral disertation). Electronic Theses and Dissertations, 2018. https://doi.org/10.18297/etd/2969

[32] P. McGreevy, & F. Rapsey, Whose best friend? How gender and stereotypes can change our relationship with dogs? *THE CONVERSATION: Academic rigour, journalistic flair, (p. 4). Doi: 10.13140/RG.2.2.15897.52324,* 2017.

[33] S. Howell**,** Do dogs prefer a certain gender? The Dodo, 2022. https://www.thedodo.com/dodowell/do-dogs-prefer-a-certain-gender

[34] M. Telesz, Why do some dogs prefer women to men (and Vice-Versa)? Paw Pals Pet Sitting, 2017. https://www.localpawpals.com/dogs-prefer-women-men-pet-friendly/

[35] Z. Todd, Gender Roles, Dominance Training, and Caring for Pets, 2022. https://www.psychologytoday.com/us/blog/fellow-creatures/202203/gender-roles-dominance-training-and-caring-pets

[36] J. Hinds, Do owners treat male dogs differently to female dogs? Dog Trainer & Behavioriat | Ruislip | Jo Hinds Dog Training, 2023. https://johinds.com/2023/06/13/do-owners-treat-male-dogs-differently-to-female-dogs/

[37] M. Robins, Are We Gender-Stereotyping Our Dogs? American Kennel Club, 2021. https://www.akc.org/expert-advice/news/are-we-gender-stereotyping-our-dogs/

[38] S. Coren, Are Dogs Truly (and Legally) Members of the Family?, 2023. https://www.psychologytoday.com/us/blog/canine-corner/202311/could-dogs-be-legally-considered-members-of-the-family

[39] A. Brown, About half of U.S. pet owners say their pets are as much a part of their family as a human member. Pew Research Center, 2023. https://www.pewresearch.org/short-reads/20/23/07/07about-half-us-of-pet-owners-say-their-pets-are-as-much-a-part-of-their-family-as-a-human-member/

[40] L. F. Carver, When pets are family, the benefits extend into society. The Conversation, 2019. https://theconversation.com/when-pets-are-family-the-benefits-extend-into-society-109179

[41] A. McConnell**,** The Well-Being Benefits of Seeing Pets as Family Members, 2019. https://www.psychologytoday.com/intl/blog/the-social-self/201908/the-well-being-benefits-seeing-pets-family-members

[42] C. Brown, S. Hengy, & A. McConnell, Thinking about cats and dogs provides relief from social rejection. *Anthrozooz, 29, 47-58. Doi: 10.1080/20414005.2015.1067958*, 2016.

[43] T. Buchanan, & A. McConnell, Family as a source of support under stress: Benefits of greater breadth of family inclusion. *Self and Identity, 16 (1): 1-26*, 2016. https://dx.doi.org/10.1080/15298868.2016.1226194

[44] AM. Beetz, Theories and possible processes of action in animal assisted interventions. Applied Developmental Science, 21(2), 139-149, 2017. https://doi.org/10.1080/10888691.2016.1262263

[45] KM. Allen, J. Blascovich, J. Tomaka & RM. Kelsey, Presence of human friends and pet dogs as moderators of automatic responses to stress in women. *Journal of Personality and social Psychology, 61 (4), 582-589. doi: 10.1037/0022-3514.61.4.582*, 1991.

[46] S. McCune, KA. Kruger, JA. Griffin, L. Esposito, LS. Freund, KJ. Hurley, & R. Bures, *Evolution of research into the mutual benefits of human-animal interaction. Animal Frontiers, 4, (3), 49-58. Doi: 10.2527/af.2014-0022*, 2014. https://doi.org/10.2527/af.2014-0022

[47] S. Bonas, J. McNicholas, & G. M. Collis, Pets in the network of family relationships: An empirical study. In A. L. Podberscek, E. S. Paul, & J. A. Seroell (Eds.). *Companion animals and us: Exploring the relationship between people and pets, (pp. 209-236)*. Cambridge University Press. 2000. https://psycnet.apa.org/record/2000-07806-009

[48] SB. Barker, & RT. Barker, The-human-canine bond: Closer than family ties. *Journal of Mental Health Counselling, 10 (1), 46-56,* 1988. https://psycnet.apa.org/record/1989-01200-001

[49] OA. Cain, Pets as family members. Marriage & Family Review, 8, 95-108, 1985. https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9781315784656-2/pets-family-members-ann-ottney-cain

[50] B. Van Houtte, & P. Jarvis, The role of pets in preadolescent psychosocial development. *Journal of Applied Development Psychology, 16, 463-479*, 1995. https://doi.org/10.1016/0193-3973(95)90030-6

[51] V. Vidovic, & V. S'tetic, Pet Ownership, Type of Pet and Socio-Emotional Development of School Children. *Anthrozoos, 12 (4), 211-217.* DOI: 10.2752/089279399787000129, 1999.

[52] G. F. Melson, S. Peet, & C. Sparks, Children's Attachment to Their Pets: Links to Socio-Emotional Development. Children's Environments Quarterly, 8(2), 55-65, 1991. http://www.jstor.org/stable/41514782

[53] S. B. Barker, C. M. Schubert, R. T. Barker, S. I. Kuo, K. S. Kendler, & D. M. Dick, The Relationship between Pet Ownership, Social Support, and Internalizing Symptoms in Students from the First to Fourth Year of College. *Applied Development Science, 24*(3), 279-293, 2020. https://doi.org/10.1080/10888691.2018.1476148

[54] S. B. Barker, R. T. Barker, N. L. McCain, & C. M. Schubert, The Effect of a Canine-assited Activity on College Student Perceptions of Family Supports and Current Stressors. *Anthrozoos, 30(4), 595-606*, 2017. https://doi.org/10.1080/08927936.2017.1370227.

[55] S. Male, The importance of quantitative research in Decision-Making. The Logit Group, 2024. https://logitgroup.com/quantitative-research/

[56] A. Saavedra, Teachers' preference on the local policy implementation of the mother tongue based-multilingual education: An assessment. *Asian EFL 27 (2.2), 217-238*, 2020.

[57] R. Bisht, What is Stratified Sampling? Definition, Types & Examples | *Researcher.Life*, 2024. https://researcher.life/blog/article/what-is-stratified-sampling-definition-types-examples0/

[58] J. Simkus**,** What is Simple random sampling? *Simply Psychology*, 2023. https://www.simplypsychology.org/simple-random-sampling.html

[59] E. Benjumea, *The Effect of Pet Ownership on ESL Students' U.S. Academic Success*. Animal Science Undergraduate Honors Theses, 2017. https://scholarworks.uark.edu/anscuht/16

[60] A. Saavedra, Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners. *Webology (ISSN: 1735-188X) 15 (1)*, 2018.

[61] M. J. Picard, Study of the Effect of dogs on college students's mood and anxiety (Honors College Paper No. 233), 2015. https://digitalcommons.library.umaine.edu/honors/233

[62] A. Woehr, Effects of Dog Ownership and Academic Success: A Correlational Study. *Journal of Student Research (High School Edition). ISSN: 2167-190*, 2022.

[63] R. Sipe, Dogs in the Philippines: Animal neglect or #FWP?. The Daily, 2014. https://dailyrunneronline.com/?s=Dogs+in+the+Philippines%3A+Animal+neglect+or+%23F WP%3f

[64] J. K. Abdullah, The cultural differences in attitudes towards pet ownership. Intricate insights into Global Perspectives on Pet Ownership, 2023. https://vocal.media/petlife/the-cultural-differences-in-attitudes-towards-pet-ownership

[65] M. T. Cassels, N. White, N. Gee, & C. Hughes, One of the family? Measuring young adolescents' relationships with pets and siblings. *Journal of Applied Development Psychology, 49, 12-20*, 2017. https://psycnet.apa.org/2017-14569-002

[66] S. Bosacki, & C. Tardif-Williams, (2019). Children's mental state talk, empathy, and attachments to companion animals. *Psychology of Language and Communication, 23(1):284-301*, 2019. https://doi.org/10.2478/plc-2019-0013

[67] C. Crump, & A. Derting, Effects of pet therapy on the psychological stress levels of first-year female undergraduates. N. Am. J. Psychol. 17, 575-590, 2015.

[68] E. W. Dolan, Caring for pets linked to greater empathy in men. PsyPostPsychologyNews, 2024. https://www.psypost.org/caring-for-pets-linked-to-greaterempathy-in-men/